ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo L Blg. 7
Abril 7, 2019
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Masaklaw na isulong ang reporma sa lupa at gapiin ang digmaan ni Duterte sa kanayunan

Sa harap ng pinasidhing brutalidad ng todong gera ni Duterte sa kanayunan, dapat iluwal ng masang magsasaka at mga rebolusyonaryong pwersa ang isang masaklaw na kilusan para sa reporma sa lupa bilang mahalagang gulugod ng ubos-kayang paglaban sa pasistang rehimen.

Gamit ang absolutong kapangyarihan, ipinataw ni Duterte ang paghahari ng teror sa buong bansa. Sa nagdaang mga buwan, kawan-kawang mga sundalo at pulis ang pinakawalan niya upang dumugin o palibutan ang buu-buong komunidad, halughugin ang mga bahay at isagawa ang kasuklam-suklam na mga teroristang kabuktutan. Pinakamalupit ito sa mga prubinsya ng Negros at Samar, gayundin sa Surigao del Sur, Compostela Valley at Bukidnon.

Hindi bababa sa 35 lider magsasaka sa mga baryo ang tinugis at walang kaabog-abog na pinatay mula Disyembre 2018. Walang-piling pinararatangan ang mga magsasaka at minorya na kasapi o tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan, ipinaparada at pinalalabas na mga "sumurender." Sapilitang pinagsusundalo ang mga lalaki o di kaya'y pwersahan silang pinagtatrabaho sa pagtatayo ng mga detatsment ng militar.

"Isulong..," sundan sa pahina 2

## PNP, inambus sa Mt. Province

INAMBUS NG Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mt. Province ang nag-ooperasyong tropa ng Philippine National Police (PNP) na nagtangkang isabotahe ang pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng BHB noong Marso 29.

Pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang mga pulis bandang alas-9 ng umaga sa Mt. Gonggong-o sa bayan ng Bauko. Isang pulis ang namatay at isa ang nasugatan. Noong Marso 31, pinaputukan din ng yunit ng BHB ang mga pulis at sundalo na bumuntot sa yunit na naglunsad ng opensiba sa Mt. Makilakilat, Tadian.

Sa Panay, anim na operasyong haras ang inilunsad ng BHB. Kinabibilangan ito ng mga pagpapaputok sa detatsment ng CAFGU Active Auxiliary sa Barangay Osorio I, San Remegio, Antique noong Marso 15 at 19; sa

"PNP...," sundan sa pahina 3

"Isulong...," mula sa pahina 1

Ubod nang bagsik ang gera ni Duterte sa layong masiraan ng loob ang bayang lumalaban at paluhurin sila sa kanyang tiraniya. Lalo pa itong lulupit sa harap ng plano niyang dayain ang eleksyon at pabilisin ang pagtatatag ng lantarang paghahari diktadura upang solohin ang burukrata-kapitalistang dambong.

Dapat nating gapiin ang brutal na gera ni Duterte at biguin ang kanyang ambisyong pasista. Sampu ng kanyang mga kasapakat, dapat siyang papanagutin at parusahan sa di mabilang na mga krimen sa bayan. Punitin natin ang mga kasinungalingan at ilusyong hinahabi ni Duterte at ng kanyang mga upisyal sa militar at pulis at ilantad ang kanilang kabangisan.

Para biguin ang todong gera ni Duterte laban sa bayan, napakahalagang maramihang magbangon ang mamamayan sa kanayunan at maglunsad ng mga pakikibaka sa ekonomya at pulitika. Ang kanilang antipyudal, pati na anti-imperyalistang mga pakikibakang pang-ekonomya ay di maihihiwalay, salalayan at pampasigla sa kanilang antipasistang pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang mga demokratikong karapatan. Dapat nating bigyang-pansin ang kanilang pagdurusa at itaguyod ang kanilang kagalingan upang pandayin ang kanilang palabang diwa.

Mahalagang pukawin at maramihang pakilusin ang masang magsasaka para isulong ang mga pakikibakang masa para ibaba ang upa sa lupa at interes sa pautang, itaas ang sahod ng mga manggagawang-bukid, magkaroon ng makatarungang presyo ng mga produkto ng mga magbubukid at itaas ang produksyon sa pamamagitan ng mga saligang anyo ng kooperasyon. Susing bahagi ang mga ito ng minimum na programa ng Partido para sa reporma sa lupa. Ang maksimum na programa ng pamamahagi ng lupa ay maaaring ipatupad sa mga rebolusyonaryong baseng purok kung saan kaya itong mapangasiwaan at maipagtanggol.

Matingkad na ipamamalas ng mga kampanya para sa reporma sa lupa ang pagkakaiba ng pasistang rehimen at rebolusyonaryong kilusan, ng mga pwersang nang-aapi at nagpapahirap sa masang magsasaka at ng mga naghahangad na iahon sila sa pagdarahop at wakasan ang kanilang pagkaapi.

Lubos na nilalantad ng mga kampanyang masang ito ang huwad na "reporma sa lupa" ni Duterte at ang kanyang patakaran ng malawakang pagpapalit-gamit at pang-aagaw ng lupa. Nilalantad din ang panakip-butas at mapanlinlang na hakbanging pangkagalingan ng reaksyunaryong rehimen tulad ng *conditional cash-transfer program* (4Ps), ang PaMaNa at Kalahi-CIDSS na mga proyektong pampaganda para pagtakpan ang malalim na sosyo-ekonomikong paghihirap na dinaranas ng bayan.

Dapat isagawa ang mga kampanyang ito kaalinsabay ng iba pang kampanya para ipahinto ang liberalisasyon ng pag-aangkat ng mga produktong agrikultural na sumisira sa produksyon at kita ng masang magsasaka, para sa subsidyo ng estado sa gitna ng tagtuyot, para hingiing ibalik ang pondong *coco levy*, para labanan ang pagpasok ng mga megadam, paliparan at iba pang mapaminsalang proyektong imprastruktura, para tutulan ang reklamasyon ng lupa sa mga baybay-dagat, ang mga operasyong plantasyon at pagmimina, para ipagtanggol ang lupang ninuno at iba pang kampanya para itaguyod ang karapatan at kagalingan ng masang magsasaka at minoryang mamamayan.

Sa darating na mga buwan, dapat mas masigasig nating isulong ang mga kampanyang ito. Dapat tiyakin sa lahat ng antas ng pamumuno na naipatutupad ang mga tungkulin sa pagsusulong ng mga pakikibakang masa. Higitan natin ang dati nang mga nagawa at dalhin sa bagong antas ang mga pakikibakang magsasaka.

Para isulong ang mga ito, dapat tulungan natin ang masang magsasaka na mag-organisa ng kanilang mga samahan o patatagin ang mga

ANG Bayan

Tomo L Blg. 7 | Abril 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroomv2

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Masaklaw na isulong ang reporma sa lupa at durugin ang digmaan ni Duterte sa kanayunan 1
Pulis, hinaras sa Mt. Province 1
NPA50 at digmang bayan 4
Tagumpay ng mga magsasaka 5
Pondo para sa tagtuyot, ilabas 5
Presyo ng palay, sibuyas, kopra 6
Mandatory ROTC, tinutulan 6
Mga residente ng Marawi, nagrali 7
2 konsultant ng NDFP, inaresto 7
Lagim ng SEMPO 8
7 pa, pinaslang sa Marso 9
Panggigipit sa magsasaka at katutubo 10
300, nagbakwit sa Samar 10
Mga komunidad, dinumog ng AFP 11
Unyonista, iligal na inaresto 11
Atake sa mga upisina at misyon 12
Perwisyo ng pribatisasyon 12
Presensya-militar ng US 14
Labanan ang Oplan Samadhan 14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

nakatayo na sa antas baryo, interbaryo, bayan at distrito upang itaas ang kanilang kakayahan para samasamang ipaglaban ang kanilang mga kahilingan. Para itaas ang produksyon, maaaring itayo ang mga pangkat o kolektibo sa paggawa at iba pang anyo ng pagtutulungan. Maaaring tipunin, palitawin o ilaan ang pondo para tulungang itaas ang produksyon.

Dapat nating tiyakin na matagumpay na naisasagawa ang mga kampanyang ito. Dapat kongkretong matamo ng masang magsasaka sa pamamagitan ng kolektibong pakikibaka ang mas mataas na kita, mas malaking suplay ng pagkain at mas maayos na kundisyon sa pamumuhay. Dapat isulong ang kaakibat na kampanya para sa literasiya, numerasiya, kalusugan at kultura at iba pang hakbangin para tugunan ang kanilang kagalingan.

Sa pagsulong ng mga kampanyang ito, nabibigyang-buhay ang paglaban ng masang magsasaka sa pasistang panunupil ng mga reaksyunaryong armadong pwersa. Lalo silang nagiging militante sa pagtatanggol ng kanilang demokratikong karapatan.

Sa gitna ng paghahari ng teror, titindig at lalawak ang isang makapangyarihang antipasistang kilusan sa kanayunan. Bahagi ito ng isang malapad na nagkakaisang prente laban sa tiraniya ni Duterte. Dapat ubod-siglang labanan ang todong pagsupil sa kanayunan.

Dapat mahigpit ang pagtutulungan, koordinasyon at saklolohan ng mga samahang magsasaka, gayundin ng iba't ibang sektor sa buong bansa. Bawat baryong aatakehin ni Duterte ay dapat ipagtanggol ng lahat. Bawat pasistang kabuktutan ay dapat ilantad at tuligsain ng lahat.

Sa pagsusulong ng mga pakikibakang antipyudal at antipasista, tinitipon ng masang magsasaka ang kapangyarihan mula sa kanilang organisadong lakas. Kasama ang iba pang mga organisasyong masa ng mga kabataan, kababaihan, bata at mga aktibistang pangkultura, nagsisilbi ang mga samahang magsasaka na pundasyon sa pagtatayo ng mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo—ang batayang yunit ng demokratikong gubyernong bayan.

Binubuo ang mga rebolusyonaryong samahang magsasaka sa pagsulong ng rebolusyong agraryo at para rin lumahok sa armadong pakikibaka. Sa pagtamo ng mga tagumpay sa mga pakikibakang antipyudal, lalong nahihikayat ang masang magsasaka na buong-pusong lumahok sa armadong pakikibaka at ibigay dito ang walang hanggang suporta.

Mula sa mga samahang magsasaka ay binubuo ang mga yunit depensa-sa-sarili na tumutulong sa pagpapatupad ng mga patakaran at ordinansang pinagtibay ng mga lokal na komiteng rebolusyonaryo. Binubuo ang mga yunit ng milisyang bayan bilang lokal na mga yunit ng BHB na nagsasagawa ng pakikidigmang gerilya ng masa para isulong ang masaklaw na armadong pakikibaka laban sa dumadaluhong na pasistang tropa ng kaaway.

Habang tinutulungan ang masang magsasaka sa pagsulong ng kanilang mga pakikibaka, dapat mapangahas na paigtingin ng BHB ang pakikidigmang gerilya at mas malakas at mas madalas na bigwasan ang kaaway. Targetin ang pinakabuhong na mga pasista, parusahan sila sa kanilang mga krimen, tapusin ang pasistang pagpapakitang-gilas at palakasin ang loob ng mamamayan sa kanilang paglaban. Lipulin ang mga yunit ng kaaway at samsamin ang kanilang mga sandata.

Sa paglulunsad ng malawak na pakikibakang masang magsasaka at pagsulong ng armadong rebolusyon, tiyak na mapangingibabawan ng mamamayan at kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang brutal na gera ni Duterte at mabibigo ang pakana niya para sa isang pasistang diktadura. AB

---

*"PNP...," mula sa pahina 1*

mga pwersa ng CAFGU noong Marso 19; mga detatsment ng CAA sa Barangay Igcococ, Sibalom at Barangay Tubudan, San Remegio sa parehong prubinsya noong Marso 24; at sa mga pwersa ng PNP sa Barangay Boloc, Tubungan, Iloilo noong Marso 30.

Sa Eastern Samar, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang istasyon ng PNP sa Barangay Poblacion, Motiong, Samar noong Marso 11 at detatsment ng 87th IB sa Barangay Can-aponte, San Jose de Buan. Isang pulis ang napatay at dalawa ang nasugatan.

Tatlong aksyong militar naman ang naiulat ng BHB-Northern Negros. Kabilang dito ang operasyong haras laban sa 12th IB-CAFGU sa Sityo Pulupangyan, Barangay Bug-ang, Toboso noong Marso 19 at sa isang yunit ng AFP sa Sityo Fuentes, Mabini, Escalante City noong Marso 21.

Noon ding Marso 21, dinisarmahan ng BHB ang mga elemento ng RPA/SCAA sa Sityo Mayana, Barangay Bago, Don Salvador Benedicto. Nakakumpiska ang BHB ng limang pistola at mga bala.

Pitong aksyong militar naman ang inilunsad ng BHB-North Central Mindanao mula Marso 2 hanggang Abril 5. Kabilang dito ang mga operasyong haras laban sa 58th IB sa mga bayan ng Salay, Claveria at Lagonglong, Misamis Oriental. Limang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan. Pinaputukan din ng BHB ang 23rd IB sa Buenavista, Agusan del Norte at 8th IB sa Impasug-ong, Bukidnon kung saan isang sundalo ang napatay.

Noong Marso 15, pitong sundalo ng 8th IB ang nasugatan sa operasyong demolisyon ng BHB sa New Tubigon, Barangay Busdi, Malaybalay City. Sa parehong araw, tinambangan ng BHB ang isa pang yunit ng 8th IB sa Sityo Magawa, Barangay Bulonay, Impagsug-ong kung saan isang sundalo ang napatay.

Dalawang beses pinaralisa ng BHB ang kumpanyang Davao Agriventure Corporation noong Marso 10 at Abril 5 sa Bukidnon. Nakumpiska ng BHB ang isang *shotgun* at mga bala. AB

# NPA50: Digmang bayan, hanggang sa tagumpay

Pinakamataas na pagpupugay ang ipinaaabot ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mga Pulang kumander at mandirigma sa ika-50 taon ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa pahayag nito, binati ng PKP ang mga tagumpay ng BHB sa nagdaang limang dekada ng paglulunsad nito ng digmang bayan. Pinarangalan din ng Komite Sentral ang lahat ng bayani at nag-alay ng buhay sa paglulunsad ng rebolusyon. Kinilala nito ang mga beteranong Pulang mandirigma na naglingkod at patuloy na sumusuporta sa armadong pakikibaka.


Kasabay nito naglabas din ng pahayag ang iba't ibang panrehiyong yunit ng BHB at mga lihim na organisasyong masa bilang pagpupugay at panawagan na higit pang isulong ang digmang bayan sa buong bansa.

Binigyan-diin ni Ka Ariel Montero ng BHB-North Eastern Mindanao Region ang matatagumpay na aksyong militar ng BHB sa nagdaang taon. Mahigit 200 aksyong militar sa rehiyon ang nailunsad noong 2018 at nakakumpiska ng 27 na mataas na kalibreng baril.

Samantala, nakapaglunsad naman ng 120 aksyong militar ang BHB-North Central Mindanao. Resulta nito, 124 ang naitalang napatay sa mga elemento ng AFP at 93 ang nasugatan. Ayon kay Ka Norcen Mangubat ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa NCMR, hindi nagapi ang armadong lakas ng mamamayan at patuloy itong nakapangingibabaw sa kabila ng pokus at sustenidong operasyon ng AFP.

Kinundena naman ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Negros ang paghahambog ng AFP sa pagkakadakip kay Fr. Frank Fernandez at Cleofe Lagtapon. Anila, dahil dito ay lalo pang namumuhi ang mga Negrosanon at buong sambayanan.

Nangako ang PKP sa rehiyon na kamtin ang hustisya para sa mga biktima ng pasistang pananalasa ng rehimen sa isla, kabilang ang mga biktima ng masaker sa Sagay at sa inilunsad nitong Oplan Sauron/SEMPO sa kabuuan ng isla.



Sa Panay, iniulat ng Komiteng Rehiyon ng PKP na hindi bababa sa 50 ang kaswalti sa mga tropa ng AFP sa rehiyon sa buong taon. Hamon sa mga mandirigma dito na pangibabawan ang mga kahinaan para higit pang isulong ang digma.

Tinuligsa naman ng BHB-Eastern Visayas ang patuloy na panunupil at brutal na pamamaslang ng reaksyunaryong rehimen sa rehiyon. Nasa 15 ang biktima ng pampulitikang pamamaslang habang libu-libo ang sapilitang napalikas sa Samar at Leyte dahil sa militarisasyon.

Sa pahayag ng Komiteng Rehiyon ng PKP sa Timog Katagalugan, ipinanawagan nito ang paggapi sa pakana ng pasista at tiranong rehimeng US-Duterte at gawin ang makakaya upang ibagsak si Duterte.

Pinagpugayan naman ni Ka Cleo del Mundo ng BHB-Quezon ang mga Pulang kumander at mandirigma sa paglulunsad nila ng mga armadong aksyon na yumanig sa Southern Luzon Command ng AFP at lokal na naghaharing uri noong 2018. Nakakumpiska ng mga mataas na kalibreng baril, nawasak ang mga kagamitang militar ng 85th IB at nakapagdulot ng maraming kaswalti sa kaaway ang mga Pulang mandirigma sa nagdaang taon.

Ayon naman sa Komiteng Rehiyon ng PKP sa Cagayan Valley, patuloy na tinatamasa ng hukbong bayan ang suporta ng masa dahil nakatuntong ang pakikibaka nito sa mga pambansa at demokratikong adhikain ng sambayanan. Anito, kumikilos na ang BHB sa may 500 baryo sa 60 bayan sa anim na prubinsya sa buong Cagayan Valley sa kasalukuyan. Sa nakalipas na dalawang taon, nakapaglunsad ang mga Pulang mandirigma dito ng 52 taktikal na opensiba, kung saan nakasamsam ang BHB ng matataas na ripleng armas, pistola at iba pang gamit militar. Hindi bababa sa 168 ang napatay sa hanay ng kaaway. Patuloy ding nakapagpapalawak ng baseng masa.

Ayon kay Ka Filiw ng Cordillera People's Democratic Front, hindi maitatanggi ang mahahalagang ambag ng rebolusyonaryong kilusan sa pagsusulong ng mga minorya sa karapatang magpasya-sa-sarili at demokrasya.

Hindi malilimutan ng mamamayan ang mga inilunsad na kampanya ng BHB laban sa gawaing antisosyal sa kanilang mga komunidad. Naging bahagi rin ang BHB sa mapayapang pagresolba sa mga di pagkakaunawaan ng mga tribu sa rehiyon at pamamarusa sa mapandambong at mapangwasak na mga proyektong mina.

Bilang pakikiisa sa ginintuang anibersaryo, naglunsad ng raling iglap ang daan-daang kasapi ng NDF-Metro Manila noong Marso 25. Serye ng mga pag-aaral at operasyong pinta at dikit naman ang isinagawa ng mga tsapter ng Kabataang Makabayan sa Ilocos at Panay at Liga ng Agham para sa Bayan sa buong buwan ng Marso.

Samantala, nagpaabot ng mensahe ng pakikiisa ang Christians for National Liberation-Northern Luzon, Kabataang Makabayan-Timog Katagalugan at Partido Komunista ng French State. Nagkaroon din ng selebrasyon ang tanggapan ng NDFP sa Amsterdam, Netherlands noong Marso 31. AB

## Mga tagumpay ng mga magsasaka sa Cagayan at Capiz

NAGKAMIT NG MGA tagumpay ang mga magsasaka ng Maayon, Capiz matapos makipagdayalogo sa walong komersyante-usurero ng naturang bayan noong Marso 26. Lumahok sa dayalogo ang 250 magsasaka mula sa 13 barangay ng Maayon. Pinangunahan ng Kahublagan sang mga Mangunguma kag Mamumugon sa Uma sa Capiz (Kammaca), tsapter ng Pamanggas-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa prubinsya.

Tampok na tagumpay ng mga magsasaka ang pagpapababa ng buwanang interes sa pautang mula 6-8% tungong 5%. Kasabay nito, iginiit ng mga magsasaka na ipantay ng mga komersyante-usurero ang presyo ng pagbili ng produkto ng mga magsasaka sa presyo nito sa sentrong bayan. Hindi pumirma ang lahat ng mga komersyante-usurero sa kasunduan kaya iginiit ng mga magsasaka na magdaos ng isa pang dayalogo. Naging saksi sa dayalogo ang mga kandidatong tumatakbo sa lokal na gubyerno na nanindigang tutulong sa mga magsasaka sa abot ng kanilang makakaya.

Unang nakipagdayalogo noong Oktubre 2018 ang mga magsasaka para ibaba ang interes sa buwanang pautang tungong 3% sa loob ng apat na buwan, pagtanggal ng interes sa pautang tuwing may sakuna, pagbili ng mga produkto batay sa presyo nito sa sentrong bayan at iba pa.

Samantala, naigiit ng mga magsasaka sa Cagayan Valley ang hindi pagbabayad ng interes sa pautang sa panahon ng mga sakuna. Ito ay resulta ng dayalogo sa pagitan ng 800 magsasaka mula sa Baggao at kalapit na mga bayan ng Gattaran, Amulong, Alcala at Sto. Niño sa pitong komersyante-usurero noong Marso 15 sa San Jose, Baggao. Pinangunahan ng Baggao Farmers Association (BFA) ang dayalogo.

Alinsunod sa kasunduan, hindi maniningil ang komersyante-usurero ng interes kapag nalugi nang hanggang 50% o mas mataas pa ang magsasaka dulot ng sakuna. Malinaw na inilatag ng BFA ang kompyutasyon ng kanilang gastos sa produksyon kumpara sa kanilang kita, kung saan naipakita nilang lugi na sila kahit wala pang sakuna.

Gayunpaman, hindi nagkasundo ang mga magsasaka at komersyante kung kailan ang simula ng saklaw ng kasunduan. Iginiit ng mga magsasaka na saklawin nito ang anihan noong Setyembre 2018, kung kailan malubhang sinalanta ng bagyong Ompong ang Baggao. Nais ng mga komersyante na saklawin ng kasunduan ang mga sakuna sa hinaharap lamang. Umaktong tagapamagitan ng dayalogo si Msgr. Gerry Perez. Umupo rin sa pag-uusap ang Sangguniang Bayan ng Baggao. AB

## Pondo para sa tagtuyot, iginiit na ilabas

NGAYONG TAON, dadanas ng tagtuyot ang 11 prubinsya ng Mindanao (Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Zamboanga Sibugay, Misamis Occidental, South Cotabato, Sultan Kudarat, Dinagat Islands, Surigao del Norte, Maguindanao, Sulu at Tawi-Tawi) habang 26 naman ang sa Luzon (Abra, Benguet, Kalinga, Apayao, Mountain Province, Ilocos Norte, La Union, Pangasinan, Bataan, Nueva Ecija, Zambales, Metro Manila, Cavite, Laguna, Quezon, Marinduque, Occidental Mindoro, Oriental Mindoro, Romblon, Palawan, Albay, Camarines Norte, Camarines Sur, Catanduanes, Masbate at Sorsogon). Labintatlong prubinsya rin sa Visayas ang makararanas ng tagtuyot (Aklan, Antique, Capiz, Guimaras, Iloilo, Negros Occidental, Negros Oriental, Siquijor, Biliran, Eastern Samar, Leyte, Northern Samar at Samar.)



Ayon sa ulat ng Department of Agriculture (DA) noong katapusan ng Marso, umaabot na sa P4.35 bilyon ang halaga ng mga produktong agrikultural na napinsala, kung saan P2.69 bilyon ay palay at P1.66 bilyon ay mais.

Noong Marso, nagdeklara na ng *state of calamity* ang Zamboanga City, Zamboanga Sibugay, Pagadian City, North Cotabato, Maguindanao, Rizal at Occidental Mindoro. Umaabot na sa P600 milyon ang halaga ng pinsala sa sektor ng agrikultura sa Pagadian, Kidapawan City, North Cotabato at Occidental Mindoro. Pinakaapektado sa mga prubinsyang ito ay mga palayan. Sa Bicol, nanganganib na masira ang 79,000 ektarya ng mga palayan at maisan sa anim na prubinsya. Maapektuhan nito ang mahigit 45,000 magsasaka ng palay at 29,000 magsasaka ng mais.

Iginiit ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na ilabas na ng mga lokal na gubyerno ang pondo pangkalamidad nito sa harap ng tumitinding tag-init sa bansa. Anito, hindi sapat ang limitadong *cloud seeding* na isinasagawa ng DA. Kasabay nito, kinundena ng grupo ang kainutilan ng National Irrigation Administration na gumawa ng mga hakbang matapos bigyan ang ahensya ng malaking pondo para sa libreng irigasyon. Habang nananalasa ang tagtuyot, kailangang suportahan ng gubyerno ang mga magsasaka sa pamamagitan ng pagbibigay ng kagyat na ayudang pagkain at alternatibong mapagkakakitaan. AB

# Presyo ng palay, sibuyas at kopra, itaas!

TULUY-TULOY ANG PAGBAGSAK ng presyo ng palay, sibuyas at iba pang lokal na produktong agrikultural sa unang kwarto ng 2019. Ito ay dulot ng walang sagkang pag-aangkat ng naturang mga produkto sa ilalim ng liberalisadong kalakalan.

Mula sa humigit-kumulang P20/kilo noong nagdaang taon, nasa P14/kilo na lamang ang presyo ng lokal na palay noong Marso. Direktang epekto ito ng kapapasang batas para sa liberalisasyon sa importasyon ng bigas.

Nangangahulugan ito ng mas matinding kahirapan at gutom sa maraming magsasaka lalupa't nananatiling matataas ang presyo ng mga gamit sa produksyon tulad ng binhi at pestisidyo, gayundin ang upa sa lupa. Higit pa itong palalalain ng tagtuyot na nananalasa ngayon sa maraming prubinsyang nagpuprodyus ng palay.

Sa Nueva Ecija, nangungunang prubinsya sa produksyon ng sibuyas, nasa P12-P15/kilo na lamang binibili ang ani ng mga magsasaka. Anila, umaabot sa P130,000 ang gastos sa produksyon para sakahin ang isang ektaryang sibuyasan. Para kumita, kailangang maibenta ang produkto sa minimum na P30/kilo o mahigit kalahati sa presyo nito sa kasalukuyan. Mahigit 21,000 magsasaka ang nagtatanim ng sibuyas dito gamit ang mahigit 11,500 ektaryang lupa.

Samantala, iginiit ng mga magsasaka mula sa Southern Tagalog na itaas ang presyo ng kopra at buong niyog, gayundin ang sahod ng mga manggagawang bukid sa niyugan sa isang dayalogo sa mga upisyal ng Philippine Coconut Authority (PCA) noong Marso 4. Ayon sa mga magsasaka sa niyugan, dapat itakda ng PCA ang presyo ng kopra sa P50/kilo sa mga baryo ng CALABARZON o katumbas ng presyo nito sa mga sentrong lunsod ng rehiyon, tulad ng Lucena City. Iginiit din nilang itaas ang presyo ng buong niyog sa P12/piraso at itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid sa P300/araw o sa kada 1,000 pirasong naaning niyog. Hiniling din nilang bigyan ng ayudang pagkain ang mga magsasakang apektado ng napakababang presyo ng kopra.

Ngayong taon, nasa P12/kilo na lamang ang presyo ng kopra sa rehiyon o 66% na mas mababa kumpara sa P38/kilo noong 2017. Gayundin, nasa P3.60 hanggang P4.70 na lamang ang presyo ng isang niyog. Ang mga manggagawang bukid naman sa niyugan ay kumikita lamang ng P4-P7/araw. Tinatayang nasa 20 milyon ang mga magsasaka sa niyugan sa buong bansa.

Sa kaugnay na balita, nagprotesta ang mga magsasaka sa harapan ng Department of Agrarian Reform sa Quezon City noong Marso 21 para tuligsain ang ekspansyon ng mga plantasyon sa bansa. Imbes na tutukan ang pangangailangan ng mga magsasaka para sa mas malaking produksyon, ibinebenta pa ng gubyerno ang mga lupang agrikultural para pakinabangan ng mga dayuhang korporasyon. AB

**LABAN SA MGA *CYBER-ATTACK*.** Nagpiket ang iba't ibang grupo ng alternatibong midya, mga aktibista para sa *digital rights* at kanilang mga tagasuporta sa harapan ng Department of Information and Communications Technology noong Marso 12 kasabay ng paggunita sa World Day vs Cybercensorship.

Kinundena ng mga grupo ang kawalang aksyon ng ahensya sa pagtugon sa pang-aatake sa kanilang mga *website*. Malakas ang hinala ng mga ito na mga ahente mismo ng rehimeng Duterte ang nasa likod ng mga pag-atake. Milyun-milyong piso ang ginagastos ng sabay-sabay na mga pag-atake para ipasara o hadlangan ang naturang mga *website*. Nagsampa na ng kaso ang mga grupo sa alternatibong midya sa kumpanyang umatake sa kanila.

## *Mandatory* ROTC, tinutulan

SUNUD-SUNOD NA PROTESTA ang inilunsad ng mga progresibong organisasyong kabataan matapos ibalita ang brutal na pagpatay kay Willie Amihoy, isang kadete ng Reserve Officers Training Corps (ROTC) sa Iloilo State College of Fisheries.

Pinatay si Amihoy ng kanyang kumander sa ROTC na si Elmer Decilao noong Marso 10 matapos siyang pagbintangan ng huli na nagtago ng kanyang selpon. Ayon sa mga nagprotesta, hinihikayat ng ROTC ang ganitong pagtuturingan at karahasan sa hanay ng mga estudyante.

Noong Marso 13, nagrali ang Kabataan Partylist-Panay para kundenahin ang pagpatay. Isang araw bago ito, naglunsad rin ng protesta ang mga organisasyon ng mga kabataan sa UP Cebu. Sa Metro Manila, nagsindi ng mga kandila bilang protesta ang mga estudyante ng Far Eastern University (FEU), Pamantasan ng Lunsod ng Maynila, at University of the East sa tapat ng FEU para ipanawagan ang pagbabasura ng panukalang *mandatory* o rekisitong ROTC. Nagsagawa rin ng mga protesta sa iba pang unibersidad sa Metro Manila.

Samantala, tinutulan ng iba't ibang organisasyon ng estudyante ang tusong pagpasok ng mga sundalo sa kampus ng University of the Philippines (UP) sa Los Baños, Laguna noong Marso 4 sa tabing ng pagbibigay ng oryentasyon ng ROTC. Ginamit ng mga sundalo ang aktibidad para malisyosong i-ugnay ang ligal na progresibong mga organisasyon ng mga estudyante sa BHB. Ito rin ang ginawa ng AFP sa UP Tacloban noong Marso 10 kung saan binansagang tagasuporta ng BHB ang Pulso han Mag-aaram.

# Mga residente ng Marawi, nagrali laban sa TFBM

NAGMARTSA ANG HALOS isanlibong residente ng Marawi City noong Marso 20 para kundenahin ang halos dalawang taon nang naantalang rehabilitasyon ng syudad. Isinabay nila ang martsa sa pagdinig ng Kongreso at Task Force Bangon Marawi (TFBM) sa Provincial Capitol Gymnasium sa loob ng syudad.

Tinuligsa nila ang kawalang aksyon ng TFBM at nanawagang patalsikin si Housing Secretary Eduardo del Rosario, pangulo ng TFBM dahil hindi nito natugunan ang hinaing ng mga residente. Giit ng mga residente na isama sila sa pagpaplano at tugunan ang kanilang kagyat na mga pangangailangan para makabalik na sila sa syudad. Idinahilan ng TFBM na marami pa diumanong nakabaong bomba sa pinakawasak na bahagi o *most affected area* (MAA) kaya hindi pa pwedeng bumalik ang mga residente.

Ipinahayag naman ng isang residente ng Marawi na si Hafsah Bint Amer Hassan ang kanyang galit sa TFBM. Aniya, dalawang taon na ang nakalilipas pero nasa paglilista at pagkakategorya pa rin ang TFBM ng mga residente sa lugar. Mas nauna pang natapos ng gubyerno ang rehabilitasyon ng Boracay kaysa sa kanilang mga tirahan, dagdag niya. Inireklamo rin ng mga residente ang walang pahintulot na pagdemolis ng TFBM sa natirang mga kabahayan at lubusang pagpulbos nito sa MAA matapos ang gera. AB

# 2 konsultant ng NDFP, iligal na inaresto

DALAWANG KONSULTANT ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at tatlo nilang kasamahan ang magkasunod na inaresto ng rehimeng US-Duterte noong Marso.

Inaresto sa pinagsamang operasyon ng 202nd Bde at Philippine National Police (PNP) sina Fr. Frank Fernandez, 71, tagapagsalita ng NDF-Negros, kanyang asawa na si Cleofe Lagtapon, 66 at si Geann Perez, 20, noong Marso 25 sa Liliw, Laguna.

Sinampahan ang tatlo ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives* habang sinampahan ng kasong pagpatay sina Fernandez at Lagtapon. Matindi ang sakit sa puso at baga ni Fernandez habang may *leukemia* naman si Lagtapon, dahilan ng kanilang pagtigil sa lugar.

Samantala, inaresto si Renante Gamara at ang kanyang kasamang si Fr. Arturo Joseph Balagat sa Imus, Cavite noong Marso 20. Dinala ang dalawa sa Camp General Pantaleon Garcia sa Imus, Cavite at inilipat sa Camp Bagong Diwa sa Taguig City sa mga sumunod na araw. Sinampahan ang dalawa ng kasong *illegal possession of firearms.* Noong Marso 23, ibinasura ng korte ang kaso laban sa dalawa.

Samantala, hindi na nagulat ang NDFP *negotiating panel* sa pagtanggal ni Rodrigo Duterte sa itinalaga niyang *negotiating panel* na pinamunuan ni Silvestre Bello III noong Marso 18. Makaisang-panig nang winakasan ni Duterte ang usapang pangkapayapaan nito sa NDFP nang ilabas nito ang Proclamation 360 noon pang Nobyembre 23, 2018.

Ayon kay Jose Maria Sison, walang ipinakitang interes si Duterte sa negosasyon at sa halip ay lantarang ginamit ang armadong labanan para bigyan-katwiran ang batas militar sa Mindanao at iratsada ang pagbabago sa konstitusyon para sa ambisyon niyang maging pasistang diktador.

Pitong konsultant na ng NDFP ang iligal na inaresto. Anim sa kanila ay nakakulong pa sa kasalukuyan. AB

**KONTRA-PAGTAAS NG PRESYO NG LANGIS.** Sa Valenzuela City, nagprotesta ang mga residente, sa pangunguna ng Defend Job Philippines, sa tapat ng gasolinahan ng Shell sa General T. De Leon noong Marso 19. Binatikos ng grupo ang malakihang pagtaas ng presyo ng langis na lalo pang nagpapahirap sa bayan. Tuluy-tuloy na tumaas ang presyo ng mga produktong petrolyo sa loob ng pitong magkakasunod na linggo. Dahil dito at sa nananalasang tagtuyot sa bansa, napilitan nang aminin ng rehimeng US-Duterte na muling bibilis ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa susunod na mga buwan.

**LABAN SA ILIGAL NA PAGTATANGAL.** Sa Laguna, nagpiket ang mga kasapi ng Kaisahan ng mga Manggagawang Iligal na Tinanggal sa Cabuyao noong Marso 17. Nagsilbi itong pagtatapos ng Ika-2 Kongreso ng kanilang organisasyon. Kasama ang Southern Tagalog Labor Vote Alliance, ipinapanawagan nila ang matalinong pagpili ng mga kandidatong tatakbo sa darating na eleksyon.

Samantala, tinutulan ng mga manggagawa ang iligal na pagsisante sa 100 manggagawa ng Holcim Philippines Inc., sa planta nito sa Davao City noong Marso 4. Tinanggal sila ng kontraktor nito na Fort Steel Cargo Integrators Inc., sa kabila ng paglalabas ng utos ng regularisasyon ng panrehiyong upisina ng Department of Labor and Employment.

***COASTAL CLEAN-UP.*** Isang *coastal clean up drive* ang inilunsad ng mga grupong makakalikasan kabilang ang Nilad at Earth Island Institute Philippines, at ng PAMALAKAYA at Baseco People's Alliance sa baybayin ng Baseco sa lunsod ng Maynila noong Marso 18. Tinutulan nila ang makadayuhan at kapitalistang mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

Lagim ng SEMPO sa Negros

# 14 magsasaka, pinatay sa isang araw

Labing-apat na magsasaka ang pinatay ng mga elemento ng pulis at militar sa loob lamang ng ilang oras noong Marso 30 sa Negros Oriental. Dagdag sila sa pitong magsasakang pinaslang mula Disyembre 2018 hanggang Enero sa ilalim ng kampanyang panunupil na tinaguriang SEMPO. Isinagawa ang pinakahuling pamamaslang simula ala-una ng umaga sa Canlaon City at mga bayan ng Sta. Catalina at Manjuyod. Walo ang pinatay sa Canlaon City, apat sa Manjuyod at dalawa sa Sta. Catalina.

Ayon sa salaysay ni Leonora, asawa ng biktimang si Ismael Avelino, naalimpungatan sila bandang alas-2:30 ng umaga nang sapilitang pasukin ang kanilang bahay ng hindi bababa sa anim na armadong lalaking nakatakip ang mukha. Kinaladkad si Leonora at ang dalawa nilang paslit papalabas, habang naiwan si Ismael na nakataas ang mga kamay. Matapos nito'y nakarinig sila ng putukan sa loob ng bahay, at mula sa kapitbahay kung saan kasabay na binaril ang nakatatandang kapatid ni Ismael na si Edgardo.

Sina Ismael at Edgardo ay parehong myembro ng Hugpong Kusog Mag-uuma sa Canlaon-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, na pinamumunuan ng nakatatandang Avelino.

Sa kaso naman ni Franklin Lariosa, pinalibutan ng mga pulis ang kanyang bahay bandang alas-5 ng umaga at nagpakita ng *search warrant* para umano sa isang ripleng M16. Dinala si Lariosa sa bakuran ng bahay kung saan nakaantabay ang kanyang asawa at mga kapamilya. Matapos itanggi na mayroon siyang itinatagong riple, tatlong beses na binaril si Lariosa. Itinaboy din ng mga salarin ang kanyang ina na nagtangkang sumaklolo.

Matapos ang madugong operasyon, ipinagmayabang ng Philippine National Police (PNP) ang Synchronized Enhanced Management of Police Operations (SEMPO o Sinkronisadong Pinaunlad na Pamamahala sa mga Operasyong Pulis). Ang mga napatay ay nanlaban umanong mga partisano at tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Maliban dito, may 12 iba pang sibilyan ang inaresto sa naturang operasyon at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso. Iprinisinta ng PNP bilang ebidensya ang itinanim nilang mga baril at pampasabog.

Ang SEMPO (tinatawag ding Oplan Sauron) ang kasalukuyang pasistang pakana ng rehimeng Duterte para sa kanyang pag-atake sa mamamayan sa isla ng Negros. Tampok dito ang golpe de gulat at sinkronisadong paglusob sa mga target na barangay; paggamit sa mga upisina ng munisipyo para sa pagtatayo ng mga tsekpoynt at pagsasampa ng kaso sa mga inaresto; planadong pagpatay at pag-aresto sa mga target; tuluy-tuloy na paglalabas ng mga mandamyento para sa aresto at paghalughog, kabilang ang mga blangkong pirmadong mandamyento para sa sinumang nais arestuhin o patayin.

Bagamat ang PNP ang nasa unahan ng SEMPO, sumusunod sila sa direksyon ng Armed Forces of the Philippines Central Command (AFP Centcom). Ang Centcom ay kasalukuyang pinamumunuan ni Lt. Gen. Noel Clement, kilalang masugid na tagasunod ni Jovito Palparan.

Bilang paghahanda para sa SEMPO, ikinampanya ng mga sundalo at pulis ang mga pekeng pagpapasurender noong Hulyo-Agosto 2018. Isinagawa rin ang masaker sa Sagay at pagpatay sa abogado ng mga biktima noong Oktubre. Kasunod nito'y tinugis ng dalawang batalyon ng kaaway ang mga magsasakang nagbubungkalan sa Sagay, at kinumpleto na ang pagpuwesto ng dagdag na mga tropa sa Negros Oriental noong Nobyembre 2018.

Ginamit ng AFP ang mga operasyong "peace and development" (PDT) sa mga baryo para imapa ang mga bahay ng pinagsususpetsahan nitong tagasuporta o kapamilya ng mga Pulang mandirigma, gayundin ang mga kasapi ng mga ligal na organisasyong magsasaka na binansagan nitong mga "prente ng komunista." Sa mga datos na ito ibinatay ang listahan kung sinu-sino ang papatayin at aarestuhin.

Isinagawa ang unang bugso ng SEMPO sa Guihulngan City noong Disyembre 27, 2018. Isinabay dito ang mga opera-



syon sa Mabinay at Sta. Catalina. Sa araw na iyon, limang magsasaka ang pinatay sa Guihulngan City at mahigit 20 ang iligal na inaresto sa nabanggit na mga lugar. Lumaki pa ang bilang na ito tungong pitong pinatay at 57 iligal na inaresto nang tumagal ang operasyon hanggang ikalawang linggo ng Enero at umabot sa mga bayan ng Canlaon, Moises Padilla, Isabela at La Castellana. *(Basahin ang mga detalye sa mga isyu ng* Ang Bayan, *Enero 7 at Pebrero 21, 2019.)* Umabot sa 3,000 tropa ang ginamit ng AFP at PNP para sa operasyong ito.

Alinsunod sa "*whole-of-nation approach*" ng kampanyang panunupil ni Duterte, kinasangkapan ng AFP Centcom ang mga korte para sa paglalabas ng mga mandamyento at pagsasampa ng kaso. Sa unang bugso ng SEMPO, lahat ng 119 *search warrant* na ginamit sa operasyon ay pinirmahan ni Judge Soliver Peras ng RTC-7 sa Cebu.

Ginamit din ng AFP ang mga pasilidad ng mga lokal na gubyerno para sa transportasyon ng mga sundalo at pulis sa kabila ng paglilihim nito ng operasyon sa lokal na gubyerno. Sa pinakahuling SEMPO, itinanggi ng gubernador ng Negros Oriental na ipinaalam sa kanya ang operasyon.

Nagresulta ang SEMPO sa sapilitang paglikas ng mga residente, pagkasira ng kanilang mga pananim at pagkawala ng kanilang pera at kagamitan na ninakaw ng nag-operasyong mga pulis at sundalo. Dahil dito, mas lumakas pa ang loob ng mga panginoong maylupa sa isla na magbuo at magparami ng sariling mga pribadong hukbo at maton.


Malawakang pagkundena mula sa mga organisasyong masa at magsasaka, relihiyoso, masmidya at kahit mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno ang sumalubong sa brutalidad ng AFP at PNP. Sa Iloilo, pinangunahan ng Bayan at Anakpawis ang protesta noong Abril 1 sa tapat ng Camp Delgado sa Iloilo City laban sa madugong operasyon ng AFP at PNP.

# 7 pa, pinaslang noong Marso

Sa iba pang bahagi ng bansa, lahatang-panig din ang pang-aatake ng rehimeng US-Duterte sa mga magsasaka. Sa buwan lamang ng Marso, pito pa ang pinaslang ng mga ahente ng rehimen.

Pinatay ng mga sundalo ng 48th IB si Larry Suganob, lider ng PINAGBUKLOD, kasaping organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), noong Marso 18 sa Barangay San Isidro, San Jose del Monte, Bulacan. Aktibo si Suganob sa kampanya ng mga magsasaka kontra sa pangangamkam ng lupa ng Ayala Land, Inc. at Bangko Sentral ng Pilipinas. Naglulunsad noon ng operasyong militar ang 48th IB sa lugar.

Sa Davao del Norte, binaril at napatay naman ang isang estudyanteng Lumad noong Marso 15 sa Sityo Milyon, Barangay Sto. Niño, Talaingod. Lasing na nagpaputok ng baril si Eroy Balentin, elemento ng Citizen Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) sa komunidad at tinamaan sa ulo si Jerome Pangadas na agad niyang ikinamatay.




Ayon sa mga ulat, naghuramentado si Balentin matapos tumanggi ang mga residente ng Milyon na sumapi sa CAFGU. Si Pangadas ay 15-taong gulang at estudyante ng Salugpongan Ta 'Tanu Igkanogon Community Learning Center. May isang residente ring nasugatan dahil sa insidente.

Isang magsasaka rin mula sa Bongabong, Oriental Mindoro ang pinatay ng 203rd Bde at PNP-MIMAROPA. Pinalabas na namatay sa engkwentro ng AFP at BHB si Roland Sibulan noong Marso 2 matapos siyang dakpin sa isang tsekpoynt at pinahirapan noong Marso 1. Tinutukan ng baril ang kasama niyang apo. Si Sibulan ay isang dekada nang hindi kasapi ng BHB.

Noong Marso 5, inaresto ang pamangkin ni Sibulan na si Onad sa parehong tsekpoynt, tinortyur at tinangkang patayin ng mga sundalo. Pinakawalan siya pagkatapos ng anim na oras ng mental at pisikal na pagpapahirap. Nakatakbo at nakaligtas sa tortyur ang kasama niyang pinsan.

Tatlong kabataang sibilyan ang pinagbabaril ng mga sundalo ng 71st IB noong Marso 28 sa Sityo Mangurayan, Barangay Anitapan sa Mabini, Compostela Valley. Naghahanap lamang ng palaka at nangangaso sa kagubatan at walang ibang dala kundi mga *flashlight* at mga gawang baril sina Franklin Tirol, Zaldy Tirol at isa pa. Agad na namatay sa insidente ang magpinsang Tirol habang malubhang nasugatan at iligal na inaresto ang isa pa. Pinalabas ng 71st IB na mga kasapi ng BHB ang mga biktima at may dalang armas, mga kagamitang militar at *improvised explosive device*. Kunwa'y may isang sundalo pa diumanong nasugatan sa putukan.

Noong Marso 30, pinatay si Uming Caliho, lider-magsasaka sa Sityo Kalibunlibunan, Barangay Pinagturilan, Sta. Cruz, Occidental Mindoro.

Sa Samar, binaril at napatay si James Viñas, 75, dating lider ng People Surge sa harap ng kanyang bahay sa Borongan City noong Marso 12, ala-7 ng gabi.

# Panunupil sa mga magsasaka at katutubo

Iligal na inaresto ang tatlong magsasaka sa Barangay Mulangan, Igbaras, Iloilo noong Marso 18. Kinilala ang mga dinakip na sina Roberto Elamparo, 50, Ruperto Enar, 51 at Ramon Enar, 49. Nag-imbento ang AFP ng kwento ng diumano'y engkwentro sa malapit na lugar at pinalabas na mga kasapi ng BHB ang tatlo.

Sa Iloilo, tatlong minoryang Tumandok ang iligal ding dinakip sa Alimodias, Miag-ao ng mga pwersa ng 61st IB noong Marso 24 at inakusahang mga kasapi ng BHB. Kinilala ang mga biktima na sina Rolando Mediana, anak niyang si Rolando Jr., at Freddie Nabua. Ito ay matapos ang isang engkwentro sa pagitan ng AFP at BHB, alas-4 ng umaga sa parehong araw sa Sityo Baruk. Nagawang bawiin ni Ramonito Sabug, kapitan ng barangay ang tatlo matapos igiit na mga residente sila ng barangay.

Sa Aurora, hindi pa rin inililitaw ng AFP si Diodicto Miñoza, lider-magsasaka at magniniyog sa Barangay Ditumabo, San Luis. Organisador si Miñoza laban sa bantang pagtatayo ng mga *hydropower dam* sa mga komunidad ng San Luis at Gabaldon sa Nueva Ecija. Huli siyang nakausap ng kanyang asawa sa selpon noong Marso 22. Nang bisitahin ang kanyang kubo sa bukid sa sumunod na araw, mistula itong niransak dahil nagkalat ang mga plato at kagamitan. Nakakita rin ang mga residente ng mga bakas ng *combat shoes* sa lugar. Mga sundalo ng 91st IB ang nag-ooperasyon sa barangay.

Sa Agusan del Norte, pinalibutan bago nireyd ng mga pulis at sundalo ng 23rd IB ang bahay ni Deliza Camanian sa Crazer, Aklan, Nasipit noong Marso 8. Sugatan si Glenn Ann, anak ni Deliza, sa marahas na panloloob ng mga sundalo at pulis.

Sa parehong araw, naglabas ng tarpolin ang 23rd IB sa Afga, Buenavista, Agusan del Norte kung saan nakalagay ang mga mukha ng pinararatangang mga kasapi ng BHB. Sa sumunod na araw, ipinatawag ng mga sundalo at isinailalim sa interogasyon sina Fredo Dabidi, Loreto Mapoy, Arnel Toledo at iba pang sibilyang residente ng Barangay Lower Olave sa parehong bayan. Idinetine ang mga biktima sa kampo ng militar.

Pinalabas ng 23rd IB na nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng mga yunit ng AFP at BHB sa Afga noong hapon ding iyon. Walang pakundangang pinagbabaril ng mga sundalo ang sampung kabahayan sa komunidad pagkatapos nito.


Sa Palawan, pinalayas ng mga pwersa ng Provincial Mining Regulatory Board ang mga magsasaka sa kanilang mga sakahan sa Sityo Sta. Cruz, Barangay Decalachao, Coron noong Marso 30. Ito ay para bigyan-daan ang ekspansyon ng Busuanga Airport sa 40,000 ektaryang lupa ng Yulo King Ranch.

Tuluy-tuloy naman ang kampanyang paninira ng mga elemento ng 17th IB, PNP at lokal na gubyerno ng Cagayan sa Anakpawis at mga organisasyong magsasaka. Noong Marso 13, tatlong nagpakilalang mga kinatawan ng Anakpawis ang ipinrisenta sa isang dayalogo kasama ang mga militar, pulis at lokal na gubyerno. Pinalabas ng mga sundalo na mga "sumurender" ang tatlo. Ang tatlo ay itiniwalag sa Anakpawis matapos gamitin nila ang ngalan ng organisasyon para pagkaperahan ang mga magsasaka.

Sa Barangay Magsaysay, Infanta, Quezon, nagtambak ng halos tatlong siksbay ng sundalo ng 80th IB. Nakaranas ng pananakot at pandarahas ang mga lider-katutubong kasapi ng Dumagat Sierra Madre-TK mula sa mga sundalo. Dahil sa sobrang takot at kaba, namatay si Ponce Adornado, isang katutubong Dumagat. Nilalabanan ng mga Dumagat ang proyektong Kaliwa-Kanan Laiban Dam na sisira sa kanilang mga komunidad.

Sa Misamis Oriental, ginamit ng estado sa unang pagkakataon ang Human Security Act para kasuhan bilang "terorista" ang lider Lumad na si Datu Jomorito Goaynon sa pagdinig ng kanyang kaso noong Marso 11. Tagapangulo si Goaynon ng Kalumbay, isang organisasyon ng mga Lumad. Iligal siyang inaresto noong Enero 28 kasama ang lider-magsasakang si Ireneo Udarbe sa isang tsekpoynt ng 65th IB.

Noong Marso 20, iligal na inaresto at ikinulong sa detatsment ng 1st Special Forces Battalion sa Mampayag, Manolo Fortich, Bukidnon si Mae Tugot, kasapi ng Gabriela. Dinakip si Tugot ng militar sa Macabalan, Cagayan de Oro City.



# 12 komunidad sa Bukidnon, dinumog ng AFP

KASALUKUYANG POKUS NG limang batalyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang 12 komunidad sa hangganan ng Cabanglasan at San Fernando sa Bukidnon mula pa Enero nitong taon. Dinumog ng hindi bababa sa 1,400 sundalo ng 60th IB, 56th IB, 57th IB, 58th IB, 88th IB, Scout Rangers at Division Reconnaissance Company ang buong lugar. Bago pa ito, binomba, kinanyon at inistraping ang naturang mga komunidad mula pa huling bahagi ng 2018.

Kabilang sa mga hinahalihaw at inookupa ng mga sundalo ang Sityo Tapayanon, isang interyor na komunidad na may higit 400 residente.

Nitong Marso, sa desperasyon ng mga sundalo na supilin ang paglaban ng mga Lumad sa Tapayanon, pinalabas ng AFP na "sumurender"na mga taga-suporta at kasapi ng BHB ang mga lider-katutubo at mga residente. Ginagamit ngayon ng 60th IB ang naturang komunidad bilang tampok na palabas ng kunwa'y tagumpay ng E-CLIP.

Nauna nang ipinasara ng AFP noong 2016 ang paaralang Lumad na pinatatakbo ng Rural Missionaries of the Philippines sa Tapayanon. Ito ang pinakamalaking paaralang Lumad sa buong Bukidnon na mayroong higit isandaang mag-aaral sa literasiya at numerasiya.

Mula pa 2017, nilabanan na ng mga residente ang dalawang malalaking proyektong daanan—ang Laak-San Fernando at Mactan-Miaray—dahil sasagasaan nito ang kanilang mga komunidad.

Sa katotohanan, ang komunidad ay hinahamlet ng mga sundalo. Ipinagbabawal ang paglalabas-masok ng mga residente, pagkain at suplay sa lugar at pinipigilan ang kanilang kabuhayan. Ginigipit din ang kanilang mga lider at pinagbabawalang makipag-ugnayan sa labas ng komunidad.

Dahil dito, nagbakwit ang mahigit 150 pamilya ng kalapit na mga komunidad ng Tapayanon at nagkampuhan sa Malaybalay City mula pa kalagitnaan ng Marso. AB

# 300 pamilya, nagbakwit sa Samar

LUMIKAS ANG 300 pamilya o 1,409 indibidwal mula sa Hagbay, Can-aponte, San Nicolas at San Pedro sa bayan ng San Jose de Buan, Samar mula Marso 17-25 dahil sa halos tatlong buwan nang paglulunsad ng operasyong militar ng 87th IB sa kanilang mga komunidad. Kabilang sa mga nagbakwit ang 424 bata, 66 na matatanda at 11 buntis.

Noong Marso 25, tinangka ng mga sundalo at ng Department of Interior and Local Government (DILG) na padaluhin sa isang "peace rally" ang mga residente para palabasing mga "sumurender" na mga tagasuporta at kasapi ng BHB. Tumanggi ang mga residente at sa halip ay nagprotesta para ipanawagan na palayasin ang mga sundalo sa kanilang mga komunidad.

Pagkatapos ng protesta, hinanap ng mga elemento ng 87th IB si Jade Cinco, kinatawan ng People Surge-Western Samar.

Samantala, 21 araw matapos makabalik ang 1,607 Lumad sa Barangay Diatagon, Lianga, muling nagbakwit ang 28 pamilya mula Sityo Decoy at Panukmoan tungong Km. 9 dulot ng panganganyon, panghuhulog ng bomba at istraping sa bukiring bahagi ng kanilang mga komunidad. Isinagawa ang mga pambobomba ng 401st Bde noong Marso 31, isang araw pagkatapos ng engkwentro sa pagitan ng AFP at BHB sa kalapit na lugar.

Nagbakwit ang mga residente ng Diatagon noon pang Hulyo 2018 dulot ng matinding militarisasyon sa lugar. AB

## Unyonista, iligal na inaresto

ILIGAL NA INARESTO ng mga pulis si Eugene Garcia, tagapangulo ng unyon sa Pioneer Flat Glass Manufacturing, sa Pasig City noong Marso 20 sa gawa-gawang kaso ng *illegal possession of firearms*. Hinalughog ang kanyang bahay gamit ang isang *search warrant* at pinalabas na mayroon siyang kalibre .45 pistola. Noong 2016, iligal na sinisante ng kumpanya ang 44 na manggagawa, kabilang ang mga lider-unyon, habang nasa kalagitnaan ng negosasyon para sa CBA.

Noong Marso 30, dinampot ng tatlong sundalo ng AFP si Zandro Esteban, isang manggagawa ng Sumifru at kasapi ng unyong NAMASUFA-NAFLU-KMU, sa Barangay San Jose, Compostela at dinala sa kanilang kampo sa New Bataan, Compostela Valley. Kaugnay nito, binantaan ng PNP na bubuwagin ang kampuhan kung saan nakatigil ang mga manggagawa ng SUMIFRU sa Manila City mula pa 2018.

Hinaras ng mga pulis ang pamilya ni Ricky Chavez, kasapi ng unyon sa Toyota noong Marso 21. Pinasok ng mga pulis ang kanyang bahay sa bisa ng isang *search warrant*. Ayon sa kanyang asawa, parang naghahanap ng baril ang mga pulis sa kanilang bahay para makasuhan ang unyonista.

Sa Bulacan, marahas na binuwag ng mga pulis ang muling-tayong piket ng mga manggagawa ng NutriAsia Foods Corporation noong Marso 25. Noong Hunyo 2018 unang binuwag ang naturang piketlayn kung saan maraming manggagawa at kanilang mga tagasuporta ang nasaktan at iligal na inaresto.

Samantala, dalawang kasapi ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay) sa Pandi, Bulacan ang inaresto noong Marso 25 matapos umanong mahuling may hawak na baril.

# Perwisyong hatid ng pribadong serbisyong patubig sa Metro Manila

Sa loob ng halos dalawang linggo noong nakaraang buwan, nagdusa ang higit kalahating milyong residente sa Metro Manila sa anim hanggang 18 oras ng serbisyo ng tubig kada araw. Bagasmat unti-unti itong naging regular, magiging limitado pa rin ito sa susunod na mga buwan.

Perwisyo ang dinaranas ng mamamayan sa ilalim ng mga ganid na pribadong opereytor ng patubig. Kabaligtaran ito ng mga pangakong magdudulot ang pribatisasyon ng "mas mahusay at murang serbisyo." Matingkad na halimbawa ito ng pahirap na hatid ng mga patakarang neoliberal na itinaguyod ng reaksyunaryong estado.

**Palpak na serbisyo**

Bulok at kulang na kulang ang imprastruktura para sa distribusyon ng tubig sa Metro Manila na kontrolado ng malalaking kumpanya. Sa kabila ng sobrang suplay ng tubig mula sa Angat Dam, walang tubig ang mahigit 300,000 residente ng Kamaynilaan. Noong Marso, walang tubig ang mga gripo ng kalahating milyong mamamayan.

Ang serbisyo sa tubig sa Metro Manila ay nahahati sa dalawang pribadong korporasyon—sa Manila Water ang operasyon sa silangang bahagi, at sa Maynilad naman ang sa kanluran. Nakasaad sa kasunduan ng konsesyon na makakakuha ang Manila Water ng 40% o 1,600 MLD (*million liters per day* o milyong litro kada araw) sa Angat dam habang 60% (2,400 MLD) naman ang sa Maynilad.

Idinidiin ng Manila Water na hindi na sapat ang 1,600 MLD na alokasyon nito dahil sa lumaki umano ang pangangailangan sa eryang saklaw nito sa tungong 1,750 MLD. Ang totoo, pinagtatakpan lamang nito ang 176 MLD na nasasayang kada araw dahil sa mga sira-sirang daluyan at imbakan nito ng tubig. Kung tutuusin, mas malaki pa ito sa depisitong 150 MLD na sinasabing ugat ng "krisis" sa tubig.

Kung idadagdag pa rito ang 1,001 MLD na nasasayang ng Maynilad, aabot sa 1,177 MLD (o 785% ng sinasabing depisito) ang kabuuang nasasayang na tubig dahil sa depektibong mga imprastruktura. Sa kasunduan nang isapribado ang patubig sa Metro Manila, ang kantidad ng nasasayang na tubig ay dapat nang bumaba tungong 732 hanggang 976 MLD noon pang 2001. Subalit dahil hindi naipaayos ang mga depektibong daluyan, lalo pang sumirit ang kantidad ng tumutulo at

*"Perwisyo..," sundan sa pahina 13*

## Atake sa mga upisina at misyon

TINANGKANG PASUKIN ng 20 sundalo ang upisina ng BAYAN-North Mindanao Region sa Camaman-an, Cagayan de Oro City noong Marso 20 para arestuhin diumano ang isang nagngangalang "Albert." Nang harangin sila, magdamag na pinalibutan ng mga sundalo ang upisina at pinagbawalang lumabas sa bahay ang mga nakatira roon.

Sa araw ding iyon, pinasok at niransak ang upisina ng KASTAN, lokal na balangay ng Cordillera People's Alliance, sa Barangay Lipcan Ubbog, Bangued, Abra.

Samantala, dalawang beses na hinaras at tinakot ang mga kasapi ng Karapatan-Quezon noong Marso 9 sa mga tsekpoynt ng militar sa mga barangay ng San Francisco at Dao. Hinarang at hinalughog ng may 50 elemento ng 85th IB at CAFGU ang mga gamit ng mga delegado. Papunta ang grupo sa Lopez, Quezon para magsagawa ng imbestigasyon sa lugar malapit sa naganap na engkwentro sa pagitan ng AFP at BHB noong Marso 8.

Lantaran namang ipinailalim sa sarbeylans at tinakot ng mga ahente ng paniktik ng rehimen ang dayuhang mga delegado ng internasyunal na delegasyon ng mga abugado na nagsasagawa ng imbestigasyon sa mga insidente ng pag-atake sa mga abugado at huwes sa bansa. Sinundan at kinunan sila ng mga larawan at bidyo hanggang sa tinitigilan nilang hotel. Pinakinggan din ang kanilang mga usapan.

Kinabilangan ang internasyunal na delegasyon ng siyam na abugado mula sa Belgium, Italy, Japan, Korea, The Netherlands at United States. Idinaos ang imbestigasyon noong Marso 14-17. Nirepaso nila ang 15 insidente ng atake sa sektor kabilang na ang pagpatay kay Atty. Benjamin Ramos at pag-akusa sa mga kasapi ng NUPL-Panay bilang mga kasapi ng PKP. Alinsunod sa kanilang imbestigasyon, magkadugtong ang mga kaso ng pag-atake sa mga huwes at abugado, at nakaugnay ito sa mga buladas ni Duterte laban sa kanila.

Isang araw bago simulan ang imbestigasyon, binaril at napatay si Atty. Rex Jasper Lopoz sa harap ng isang *mall* sa Tagum City, Davao del Norte. Ayon sa National Union of People's Lawyers (NUPL), si Lopoz ang ika-38 abugadong pinaslang sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Tiyak na higit pang titindi ang mga atake sa mga abogado, tagapagtanggol ng karapatang-tao at mamamayan dahil sa pag-alis ng gubyerno ng Pilipinas sa International Criminal Court (ICC), ayon pa sa NUPL. Pormal na nagkabisa ang pag-atras ng bansa sa ICC noong Marso 17. AB

*"Perwisyo..," mula pahina 12*

nasasayang na tubig araw-araw.

Pinasisinungalingan din ng mismong datos ng reaksyunaryong gubyerno ang argumentong "kulang" ang suplay ng tubig. Katunayan, mayroon pang sobrang 1,200 MLD ang Angat Dam na hindi nagagamit.

**Ganid sa tubo**

Supertubo at hindi serbisyo sa publiko ang interes ng mga pribadong korporasyong nagpapatakbo ng serbisyo sa tubig. Sapat ang suplay pero nananatiling kulang at depektibo ang mga imprastruktura sa pag-iimbak at pagpapadaloy nito.

Kabaligtaran ng pangako ng pribatisasyon na mas mababang singil at mas modernong imprastruktura sa tubig, nagdurusa ngayon ang mamamayan sa Metro Manila dulot ng napakataas na singil sa bulok na serbisyo. Sa nakaraang mahigit 20 taon, walang katapusang tumaas ng singil sa serbisyo habang papalaki ang kita ng mga pribadong kumpanya.

Mula nang isapribado ang patubig sa Metro Manila noong 1997, sumirit nang 879% ang singil sa patubig ng Manila Water habang 574% naman ang sa Maynilad.

Sa kabilang banda, lumobo nang 137% ang netong kita ng Manila Water at nang 444% ang sa Maynilad mula 2007 hanggang 2017 pa lamang. Noong 2018, higit pang tumaas nang 8% ang netong kita ng Manila Water tungong P6.6 bilyon.

Ang Manila Water ay pag-aari ng Ayala Corporation na may malalaking negosyo rin sa iba pang estratehikong serbisyo at industriya gaya ng pagbabangko, telekomunikasyon, kuryente, transportasyon at iba pa. Katuwang nito sa kumpanya ang WB-IFC at iba pang mamumuhunang Japanese, Singaporean at British.

Ang Maynilad naman ay dating pag-aari ng pamilyang Lopez at ngayo'y pag-aari na ni Manny V. Pangilinan na may dambuhalang negosyo sa serbisyo at industriya gaya ng pagmimina, kuryente, telekomunikasyon at iba pa. Ito naman ay pinatatakbo katuwang ang grupong Salim/Metro Pacific Investment Corporation (MPIC) ng Indonesia at mga mamumuhunang Japanese at French.

**Imperyalistang disenyo**

Ipinatupad ng rehimeng Ramos ang pribatisasyon ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) noong 1997 alinsunod sa dikta ng International Finance Corporation (IFC), ang ahensya ng World Bank (WB) na direktang namumuhunan sa mga pribadong kumpanya. Ipinangako nitong magiging sapat at mas mura ang suplay ng tubig kung ipapasa ang pamamahala nito sa pribadong sektor.

Subalit ang totoo rito ay binalangkas ng WB-IFC ang kontrata para sa pribatisasyon na maging kapaki-pakinabang para sa negosyo at hindi bilang serbisyong panlipunan. Ito ay para tiyakin na mababayaran ng mga lokal na kapitalista ang $800-milyong utang ng MWSS sa WB, Asian Development Bank at Japan Bank for International Cooperation.

Napakagarapal din ng kasalukuyang rehimen para isangkalan ang gawa-gawang "kakulangan" ng suplay ng tubig para itulak ang pagtatayo sa Kaliwa Dam ng mga kapitalistang Chinese na magpapalayas sa mahigit 20,000 katutubo sa kanilang lupang ninuno sa Sierra Madre.


**Mga paglaban**

Sa harap ng tumitinding atake sa karapatan sa serbisyo sa tubig, dapat lamang na palakasin ng sambayanan ang panawagan para ibasura ang neoliberal na patakarang pribatisasyon na ipinatupad ng reaksyunaryong estado para sa kapakinabangan ng mga lokal at dayuhang kapitalista. Kinakailangang direktang panagutin ang reaksyunaryong rehimen dahil sa bigo nitong gampanan ang tungkulin nitong tiyaking mayroong sapat na suplay at murang serbisyo sa tubig ang mga mamamayan at singilin ang mga pribadong korporasyon sa patubig sa palpak nilang serbisyo.

Sinabayan ng mamamayan ng protesta ang perwisyong dala ng kawalan ng tubig. Dala-dala ang mga balde at timba, nagtungo sila sa upisina ng MWSS noong Marso 12 at 15. Naglunsad din ng katulad na protesta ang mga manggagawa sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno sa Welcome Rotonda noong Marso 14.

Kaugnay nito, naglunsad ng protesta sa Chinese Embassy sa Makati City noong Marso 14 ang mga katutubo sa pangunguna ng SANDUGO upang kundenahin ang mga proyektong sisira sa kalikasan at magbabaon sa utang sa Pilipinas tulad ng Chico Dam at Kaliwa Dam.



# Presensyang militar ng US sa Pilipinas, lumalawak

PALAKI NANG PALAKI ang presensya ng mga tropang Amerikano at mga operasyong militar nito sa Pilipinas. Inilulusot ang kanilang presensya sa pinagsanib na mga pagsasanay-militar, pagdaong ng mga barkong pandigma at iba pang "pagbisita" at aktibidad. Noong Marso, hindi bababa sa 9,000 tropang Amerikano ang nasa kalupaan ng bansa sa isang panahon.

Mula Abril 1 hanggang 12, isinasagawa ng US ang ika-35 Balikatan sa South at Central Luzon. Direkta itong pinangangasiwaan ng Operation Pacific Eagle-Philippines at nilahukan ng 3,500 sundalong Amerikano at 4,000 sundalong Pilipino. Mula Marso 17, nasa bansa na ang ilan sa mga kalahok nitong tropang Amerikano para sa "sibilyan-militar" na mga aktibidad. Halos kasabay ito sa inilunsad na ika-15 Pacific Partnership sa Eastern Visayas na tumagal mula Marso 10-24 at nilahukan ng 1,600 sundalong Amerikano. Pumatong ang naturang pagsasanay sa Exercise Salaknib na inilunsad sa Nueva Ecija mula Marso 4 hanggang 14. Ang naturang mga pagsasanay ay ilan lamang sa 281 aktibidad-militar na nakatakdang ilunsad ng US sa bansa ngayong taon.

Kasabay ng mga pagsasanay na ito ang pagdaong ng USS Blue Ridge, ang pangunahing barkong pandigma ng US Navy sa Manila Bay noong Marso 14. Ang naturang barko, na may lulang 3,000 sundalong Ameriikano, ay itinuturing na isang base militar sa dagat.

Dagdag dito, ibinukas na ng US ang teritoryo ng Pilipinas sa ibang dayuhang hukbo gamit ang dating sa pagitan lamang ng US at Pilipinas na Balikatan. Ang mga sundalong Australiano ay lumalahok na sa mga pagsasanay na ito mula pa 2012. Pinalalahok din ng US ang mga hukbo ng Japan, South Korea, East Timor, Brunei, Thailand, Singapore, at United Kingdom bilang mga "obserber." Mahalaga sa US ang naturang pagsasanay lalupa't limang bansa lamang sa kalakhan ng Pacific, ang pinakamalawak sa mga rehiyong-militar na sinasaklaw ng isang kumand ng US, ang bukas sa presensya ng mga tropang Amerikano sa kasalukuyan. Sa panig ng AFP, partikular na kalahok sa Balikatan ang bagong-buo at pinondohan ng US na 1st Brigade Combat Team na kunwa'y nakapailalim sa lokal na Special Operations Command.

Tulad sa nakaraan, ginagamit ng US na tabing ang pagsasanay para maglunsad ng samutsaring operasyong militar. Ginagamit nito ang mga gawaing kawanggawa tulad ng pagtatayo ng mga eskwelahan, paglulunsad ng mga misyong medikal, pagtuturo at literasiya at iba pa para bigyang katwiran ang pagpasok ng dayuhang mga tropa sa malalayong baryo sa iba't ibang dako ng bansa. Nitong taon, kunwa'y nagtayo ito ng mga paaralan sa Batangas at Leyte.

Ang lahat ng ito'y naganap matapos ang pagbisita ng pinuno ng Department of State ng US na si Michael Pompeo noong Pebrero 28. Dumaan si Pompeo para harapin ang alingasngas ng mga upisyal ni Duterte para "muling pasadahan" ang Mutual Defense Treaty, ang tratado militar na ginagamit ng US para sa tuluy-tuloy na presensya ng mga tropa nito sa bansa. Kunwa'y iginigiit nila na kailangan ng bagong tratado para saklawin ang mga soberanong teritoryo ng Pilipinas sa South China Sea.

Ang totoo, gumawa lamang ng ingay sina Duterte at kanyang mga upisyal para dagdagan ng US ang limos na ayuda at gamit-militar na itinatambak nito sa Pilipinas. Sa partikular, hinahabol ni Duterte ang ilang libong matataas na kalibreng armas na hinarang ng Senado ng US dahil sa madugong "gera kontra-droga" ng rehimen. AB

## Labanan ang Oplan Samadhan—*CPI-Maoist*

NANAWAGAN ANG Communist Party of India (CPI)-Maoist sa mamamayang Indian na labanan ang Operation Samadhan (o "solusyon" sa salitang Indian), ang pinakahuling kampanya ng panunupil ng reaksyunaryng estadong Indian. Taliwas sa idineklara nitong layuning pagdadala ng mga "solusyon" sa mahihirap na komunidad ng India tulad ng irigasyon, edukasyon, serbisyong pangkalusugan at iba pa, ang Operasyon Samadhan ay isang operasyon para palayasin ang mamamayan sa mga lupang nais tayuan ng malalaking kumpanya ng mga megadam. Saklaw ng naturang operasyon ang Chhattisgarh, Bihar, Odisha, Maharashtra, Andhra Pradesh, Telangana, West Bengal, Madhya Pradesh at Jharkhand—mga lugar ng mga *adivasi* o katutubo.

Ginagamit ng reaksyunaryong estado ang CPI-Maoist bilang "internal na banta" para tambakan ng mga pwersang panseguridad ang naturang mga lugar at isailalim ang mga ito sa militarisasyon. Anang CPI-Maoist, hindi ang mga komunista ang banta sa mga komunidad kundi ang mga dayuhang kumpanya at mga pwersang panseguridad ng estado na ginagamit nila.

Katunayan, ilan nang mga komunidad ang napalayas sa tabing ng "industriyalisasyon" at "kaunlaran." Pinararatangan ng estado ang mga residente rito na mga kasapi ng CPI-Maoist at sinasampahan ng sedisyon at iba pang gawa-gawang kaso. Sa gayon, napipilitan silang iwan ang kanilang mga komunidad para iwasan ang brutalidad ng mga pulis at sundalo. Kabilang dito ang mga masaker, pamamaslang, panggagahasa sa kababaihan, pambubugbog at iba pang pag-abuso.